Royal Commission
into Aged Care Quality and Safety

TAGALOG

Ang Komisyonadong Magsisiyasat sa Kalidad at Kaligtasan ng Pangangalaga sa Matatanda (The Royal Commission into Aged Care Quality and Safety)

Ang Royal Commission into Aged Care Quality and Safety ay itinatag upang siyasatin ang kalidad ng mga serbisyo ng pangangalaga sa mga matatanda at alamin kung tumutugon o hindi ang mga serbisyong ito sa mga pangangailangan ng komunidad Australyano. Kabilang dito ay ang:

- pangangalaga sa mga matatanda na naninirahan sa tahanan
- mga taong may sakit na dementia, at
- mga taong naninirahan sa tirahan sa pangangalaga ng matatanda (residential aged care) kabilang na ang mga batang may mga kapansanan.

Ang Komisyonado ay magsisiyasat sa mga pangangalagang ibinibigay sa mga siyudad, pati na sa mga rehiyonal at malalayong lugar. Titingnan nito kung paano mapapahusay sa hinaharap ang mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda.

Kung mayroon kayong problema tungkol sa serbisyo ng pangangalaga sa matatanda na nangangailangan ng kaagad na aksyon

Ang Royal Commission ay hindi makakapagresolba ng mga pang-indibidwal na problema o reklamo. Hindi ito makapag-utos sa tagapagdulot ng pangangalaga o sa tao na gumawa ng tanging aksyon o magbayad ng kompensasyon. Ngunit ang Aged Care Quality and Safety Commission ay maaaring makatulong sa ganitong mga sitwasyon dahil sa ito ang ahensya para sa mga reklamo tungkol sa mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda na pinondohan ng Pamahalaang Australya.

Kung nais ninyong magreklamo na ngayon tungkol sa kalidad ng mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda na ibinibigay sa isang tao, matatawagan ninyo ang Aged Care Quality and Safety Commission sa 1800 951 822 o bumisita sa agedcarequality.gov.au. May interpreter na makakatulong.